PAGSUPORTA SA ATING MGA

# IMIGRANTENG MGA PAMILYA

**Mapagkukunang Pakete para sa mga Pamilya**



RUSD

RIVERSIDE UNIFIED SCHOOL DISTRICT



# Talaan ng Nilalaman

Ang Aming Pangako sa mga Pamilya 2-3

Protokol sa Ligtas na Sona Ligtas na Pag-aaral 4-8

Plano sa Pagiging Handa ng mga Pamilya 9 -13

Sentro ng Mapagkukunan ng Pamilya 14

Karagdagang Mapagkukunan 15 -19

Mapagkukunan ng Kagalingan 20- 21



# Ang Aming Pangako sa mga Pamilya



## Mahal na mga Pamilya ng RUSD,

Noong 2017, ang itinalaga ng Lupon ng Edukasyon ang lahat ng mga kampus ng RUSD bilang Ligtas na Sona sa Pag-aaral para sa lahat ng mag-aaral at mga pamilya, anuman ang estado ng imigrasyon. Ang Distrito ay nakatuon sa pagbibigay ng ligtas, malugod na pagtanggap, at inklusibong kapaligiran sa pag-aaral at sa pagtatanggol ng mga karapatan ng mga imigranteng mag-aaral at ng kanilang mga pamilya sa pinakamalawak na saklaw ng batas.

Mahalagang alam ng ating mga pamilya ang mga sumusunod:

### Riverside Unified School District:

- Pangangalagaan ang mgs rekord at kapribaduhan ng mga mag-aaral
- Patuloy na i-aplay ang mga pamamaraan sa mga paaralan
- Hindi nagsisimula ng komunikasyon sa pederal na mga awtoridad ng imigrsyon tungkol sa mga mag-aaral o mga pamilya
- Hindi gumagamit ng kagamitan ng Distrito, kabilang na ang mga tauhan, upang upang magsagawa o sumuporta sa mga aktibidad ng pagpapatupad ng imigrasyon

Ang layunin ng gabay na ito na linawin ang aming mga protokol at magbigay ng mapagkukunan ng kaalaman para sa aming mga pamilya ng RUSD na kakailanganing gumawa ng pagsasa-ayos sakaling magkaroon ng detensyon o deportasyon ang magulang o pamilya. Hinihikayat namin ang mga pamilya na bisitahin ang website ng RUSD upang suriin ang detalyeng impormasyon, kabilang na ang mga Madala na mga Katanungan tungkol sa mga polisiya at pamamaraan ng distrito. Mayroon ding naka-imprentang kopya ng impormasyong ito sa mga tanggapan ng paaralan at sa Tanggapan ng Distrito para sa mga pamilyang mas gusto ang hindi digital na paggamit.

RIVERSI□EUNIFIE□ORG/SAFEZONES

Kinikilala namin na ang kawalan ng katiyakan ay ,aaring lumikha ng tensyon at pagkabalisa sa mga mag-aaral. Kung ang iyong mag-aaral ay nakararanas ng pag-aalala o ang iyong pamilya ay nangangailangan ng tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong paaralan o sa Sentro ng Mapagkukunan ng Tulong ng mga Pamilya **(Family Resource Center)** sa (951) 328-4003

At bilang karagdagan, ang Riverside Unified School District ay nag-aalok ng **Riverside Virtual School (RVS)** , isang ganap na akreditadong programa na nagbibigay ng "live" o direktang pagtuturo sa isang nakabalangkas sa kapaligiran sa online. Kung ikaw ay interesado sa mas madaming impormasyon kung papaano maaaring matuto ang iyong mga mag-aaral sa tahanan, mangyaring bisitahin ang **rvs.riversideunified.org** o tumawag sa **(951) 778-5300.**

Nanatili ang dedikasyon ng RUSD sa pagpapaunlad ng mga paaralan na kung saan ang bawat mag-aaral ay nakararamdam ng pagiging ligtas, respeto, at suporta. Ang aming lakas bilang distrito ay nagmumula sa aming ibinahaging pangako sa pangangalaga, katatagam, at oportunidad para sa lahat ng mga bata.

*Nang may pagkalinga at respeto,*

**Riverside Unified School District**

1-at RUSD
RIVERSIDE UNIFIED SCHOOL DISTRICT

# Protokol sa Ligtas na Sona Ligtas na Pag-aaral

## Pamamaraan sa Pag-pasok sa Kampus

B.P. 3515.19

**Polisiya ng Distrito 3515.19 ng Riverside Unified School District: Mga Kampus ng Distrito bilang Ligtas ng mga Sona sa Pag-aaral** inaatasan ang mga paaralan na tanggihan ang lahat ng kahilingan mula sa mga ahensya ng pagpapatupad ng imigrasyon na humihiling ng daan tungo sa mga paaralan, mag-aaral, o mga mag-aaral, o mga rekord ng mga mag-aaral maliban na lang kung ang pagsunod ay legal na kinakailangang sundin.

***Bihira ang ganitong mga sitwasyon at nangangailangan ng masusing pagsusuri ng naaangkop na legal na dokumentasyon.***

Lahat ng mga paaralan ng RUSD ay binigyan ng pare-parehong karatula na nagtatalaga ng mga paaralan bilang mga saradong kampus. Alinsunod sa polisiya ng Lupon, lahat ng bisita ay kinakailangan mag check-in sa opisina, ipakita ang pagkakakilanlan (ID), at magpalista bago makapasok sa kampus para sa lehitimong gagawin sa paaralan. Ang hindi awtorisadong pagpasok sa kampus ay ipinagbabawal.



## Dokumentasyon at Pagsusuri

**Kung ang hiling ng isang ahente ay may kinalaman sa pagpapatupad na mga aktibidad ng imigrasyon ay mangyari:**

- Ang kahilingan ay agad na isasangguni sa administrasyon ng distrito at sa abogado
- Kung ang kahilingan ay may kinalaman sa mag-aaral, ang magulang o tagapag-alaga ay agad na aabisuhan ng tauhan
- Binerepika ang mga kredential ng opisyal
- Ang nakasulat na awtorisasyon ay sinuri
- Ang mga mandamyento o utos ng korte ay sinuri
- Ang mga tauhan ng paaralan ay hindi independenteng  gagawa ng mga legal na determinasyon

Alinsunod sa mga pamamaraan ng distrito, ang mga ahente ay inaatasan na manatili sa tanggapan habang sinusuri ang dokumentasyon.

Kung hindi makapagbibigay ang mga ahente ng nakasulat na awtorisasyon at mandamyento ng hukuman na may lagda ng hukom na partikular na tumutukoy sa indibidwal o lugar na awtorisado para halughugin o arestuhin, ang pagpasok sa Distrito ay hindi papayagan.

**Kung matukoy ng abogado ng Distrito na ang pagpasok ay kailangan ayon sa batas:**

- Ang pagpasok ay mahigpit ng lilimitahan sa kung ano lamang ang awtorisado ng mandamyento
- Pinagbabawalan ang mga ahente sa pangangalap ng impormasyon o pagpunta sa mga lugar na higit pa sa kung anong partikular na tinukoy sa mandamyento.
- Ang mga ahente ay sinusubaybayan ng punong-guro o ng itinilaga sa lahat ng oras habang sila ay nasa kampus
- Bawasan ng punong-guro o ng itinalaga, kung maaari, ang pakikipag-ugnayan ng ahente o opisyal sa mga taong nasa labas ng saklaw ng mandamyento
- Kung awtorisado ang panayam sa mag-aaral, ito ay gagawin sa pribadong lokasyon, hindi nakikita at nadidinig o ibang mag-aaral upang maiwasan ang pagkagambala at mapangalagaan ang kapribaduhan ng magaaral
- Ang administador ng distrito, punong-guro o ang itinalaga ay dadalo sa panayam para bantayan ang imbestigasyon

## Impormasyon at Kapribaduhan ng Mag-aaral

Kung walang pahintulot ng magulang o naberipikang awtorisasyon ng hukuman, ang distrito ay hindi maglalabas ng:

- Ano mang uri ng talaan ng edukasyon
- Personal na impormasyon na mag-aaral
- Impormasyon ng tahanan o ng paglalakbay

Kung bibigyan ng subpoena, kabilang ang ICE Administrative Subpoena, ang usapin ay ipapadala sa abogado ng Distrito para suriin. Ang Distrito ay tututol sa pagpapatupad ng administratibong mga subpoena na hindi kaugnay sa edukasyon at susunod lamang sa pangwakas na mga utos ng korte ayon sa hinihingi ng batas.

Magbibigay ang distrito ng abiso sa magulang o tagapag-alaga tungkol sa anumang naturang mga kahilingan, maliban na lamang kung hayagang ipinagbabawal ng mandamyento o utos ng korte.

## Pagsasanay at Kahandaan ng mga Kawani

Ang mga punong-guro, administrador, at kawani ng tanggapan ay tumatanggap ng pagsasanay sa mga protokol ng distrito na sumasaklaw sa:

- Mga pamamaraan ng pagpasok ng mga bisita
- Mga kinakailangan sa pagsusuri ng mga dokumento
- Mga proteksyon sa kapribaduhan ng mag-aaral
- Mga protokol sa pagtugon sa emerhensiya



## Mga Kalagayang Pang-emerhensiya at Tugon sa Kaligtasan

Sa ilalim ng batas, ang mga ahente at mga opisyal ay maaaring paminsan-minsang magpahayag ng mga pang-emerhensiyang kalagayan na may kinalaman sa mga agarang alalahanin sa kaligtasan na nagdudulot ng agarang banta sa seguridad ng kampus.

## Kung Hindi Sumunod ang Ahente sa mga Direksyon ng Kawani at Protokol ng Distrito

Naayon sa polisiya ng distrito, hindi inaasahan na ang mga kawani ay pisikal na hadlangan ang opisyal na pumasok sa kampus ng walang awtorisasyon. Ang mga empleyado ay sinanay to unahin ang kaligtasan at sundin ang mga pamamaraan ng distrito, kabilang na ang agarang implementasyon ng mga protokol sa kaligtasan, pagbibigay-alam sa administrasyon, at pag-dodokumento ng hindi awtorisadong pagpasok sa kampus.

## Komunikasyon ng Distrito Kapag ang Ahente ng Tagapagpatupad ng Imigrasyon ay Nasa Kampus

Binibigyang priyoridad ng RUSD ang malinaw, wastong komunikasyon sa mga pamilya. Naayon sa batas ng California (Senate Bill 98), ipagbibigay alam ng distrito sa mga pamilya at sa apektadong paaralan kung konpirmadong mayroong nagaganap na pagpapatupad ng imigrasyon. Magkakaroon ng abiso ng pasimundin (follow-up) sa ibang paaralan kung naaangkop.



## Kapag ang mga Pamilya ay Inabisuhan Tungkol Aktibidad sa Pagpapatupad ng Imigrasyon na Malapit sa mga Paaralan

**Ang mga Pamilya ay Aabisuhan kapag:**

- Ang impormasyon ay binerepika
- Ang sitwasyon ay direktang naka-aapekto sa komunidad ng paaralan, operasyon ng mga kampus o kaligtasan
- Ang komunikasyon ay makapagbibigay ng makabuluhang liwanag o kasiguraduhan

Ang komunikasyon ay ibabahagi sa mga komunidad na direktang apektado ng berepi-kadong aktibidad, hindi lahat ng ulat ng panlabas na pangyayari na malapit sa mga paaralan ang ay magbubunga ng malawakang pagmemensahe sa distrito.

## Bakit Kailangan ang Beripikasyon

Maaring ang unang ulat ay hindi kumpleto o hindi wasto

**Pinangangalagaan ng Beripikasyon ang:**

- Katumpakan
- Kapribaduhan ng mga mag-aaral
- Hindi kailangang tensyon sanhi ng maling impormasyon

Marami sa ating mga mag-aaral at mga pamilya ang makararanas ng matinding pagkabalisa at takot, kami ay nakatuon sa pagbeberipika ng mga katotohanan upang pangalagaan sila sa karagdagang tensyon habang sinisiguro na ang impormasyon ay ibinabahagi sa ating komunidad sa paraang napapanahon.



## Plano sa Pagiging Handa ng mga Pamilya

Ang bawat pamilya ay dapat may plano sa pagiging handa para sakaling may emerhensiya. Ito ay kapwa mahalaga para sa mga imigranteng pamilya na mag-isip ng maaga at magtakda ng mga kongkretong plano para sa mga may kauganayan sa imigrasyon na mga emerhensiyang maaring dumating. Para sa detalyeng, maaring iimprentang plano, bisitahin ang **Immigrant Legal Council (ILRC)** sa **ilrc.org** o i-scan ang QR code.

ILRC.ORG

## Magkaroon ng "Caregiver's Authorization Affidavit"

Kung ikaw ay may natukoy na mapapagkatiwalaang tao na maaring mag-alaga sa iyong anak kung ikaw ay wala, pa-punan mo sa kanila ang Caregiver's Authorization Affidavit". Ang "Caregiver's Authorization Affidavit" ay isang dokumento kung saan pinapayagan ang isang hindi kamag-anak na ipalista ang iyong anak sa paaralan at tumanggap ng medikal na paggagamot na may kaugnayan sa paaralan. Ang "Caregiver's Authorization Affidavit" ay hindi makakaapekto sa iyong mga karapatan bilang magulang ng iyong anak - ikaw pa rin ang may kustodiya at kontrol sa iyong anak. Ang suleras (template) ay nasa susunod na pahina at ang nakumpletong testimonyo ay kailangang isumite sa **Central Registration Center** sa **5700 Arlington Ave, Riverside, CA 92504.**



# Caregiver's Authorization Affidavit

Ang paggamit ng testimonyong ito ay awtorisado ng Part 1.5 (Section 6550-6552) ng Division 11 ng California Family Code.
**Mga Instruksyon:** Ang pagkumpleto ng mga aytem 1- 4 at ang paglagda sa testimonyo ay sapat na upang i-awtorisa ang pagpapalista ng menor de edad na bata sa paaralan at i-awtorisa ang pangangalagang medikal na may kaugnayan sa paaralan. Ang pagkumpleto ng mga aytem 5-8 ay dagdag na kailangan para i-awtorisa ang iba pang medikal na pangangailangan para sa bata. I-type o i-print ng malinaw.

Ang menor de edad na batang nakapangalan sa ibaba ay naninirahan sa aking tahanan, ako ay 18 taong gulang o higit pa.

1. Pangalan ng menor de edad na bata: ____________________
2. Petsa ng kapanganakan ng menor de edad na bata: ____________________
3. Pangalan ko (nasa hustong gulang na taong nagpupuno ng papeles na ito): ____________________
4. ☐ Ang aking tirahan: ____________________
____________________
____________________

5. ☐ Ako ay kamag-anak ng menor de edad na bata sa aytem 1. *(Tingnan ang likod ng papeles na ito para sa depinisyon ng "kamag-anak".)*
6. Lagyan ng tsek ang isa o pareho *(halimbawa, kung ikaw ay nag-abiso sa isang magulang ngunit hindi matagpuan ang isa):*
   a. ☐ Aking inabisuhan ang (mga) magulang o ang (mga) ibang tao na may legal na kustodiya sa menor de edad na bata na nakapangalan sa aytem 1 ng aking layunin na i-awtorisa ang pangangalagang medikal para sa bata at walang pagtutotol na natanggap.
   b. ☐ Sa oras na ito, hindi ko makontak ang (mga) magulang o ang (mga) ibang tao na may legal na kustodiya sa menor de edad na bata na nakapangalan sa aytem1 para sa layunin kong i-awtorisa ang pangangalagang medikal para sa bata.
7. Ang aking petsa ng kapanganakan: ____________________
8. Ang aking lisensya sa pagmamaneho sa California o kard ng pagkakakilanlan o bigay-ng-gobyernong numero ng konsular na kard: ____________________

***Babala sa tagapag-alaga:*** **Huwag lagdaan ang papel na ito kung mayroong kinumpletong pahayag sa itaas na hindi totoo. Kung lalagdaan mo, ikaw ay gagawa ng krimen na may parusang multa, pagkakulong, o pareho.**

***Abiso sa Lokal na mga Ahensya ng Edukasyon at sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalaga:*** **Ang papeles na ito ay hindi kailangan ng selyo ng korte o ng lagda ng kawani ng korte o huwes para maging balido. At hindi kailangan i-notarya.**

Aking idinedeklara sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa ilalim ng batas ng Estado ng California na ang mga impormasyon sa itaas ay totoo at tama.

Petsa: ____________________

____________________
*Ilagda ang iyong Pangalan*

***Tingnan ang mga Abiso at Karagdagang Impormasyon sa pahina 2.***

**Mga Abiso:**

1. Ang testimonyong ito (na kilala rin bilang (*deklarasyon*) ay hindi makakaapekto sa mga karapatan ng mga magulang o legal na tagapag-alaga ng menor de edad na bata na nakapangalan sa aytem 1 sa pahina 1 tungkol sa pag-aalaga, kustodiya, at kontrol sa bata. Hindi ito nagbibigay sa tagapag-alaga ng legal na kustodiya sa bata.
2. Ang taong umaasa sa testimonyong ito ay walang obligasyon na magsagawa ng karagdagang pagsisiyasat o imbestigasyon.

**Karagdagang Impormasyon:**

**SA MGA TAGAPAG-ALAGA:**

1. "Kamag-anak" para sa mga layunin ng aytem 5, ibig sabihin ay isang taong nasa hustong gulang na may kaugnayan sa bata sa pamamagitan ng dugo, pag-ampon, o pagkaka-ugnay sa loob ng ika-limang antas ng pagkakamag-anak, kabilang na ang mga madrasta, mga kapatid sa pangalawang asawa, at lahat ng kamag-anak na ang katayuan ay sinusundan ng "great", "great-great," o "grand," o ang asawa ng kahit na sino ng taong ito kahit na ang kasal ay natapos sanhi ng pagkamatay o pagpapawalng bisa ng kasal.
2. Maaring atasan ka ng batas, kung ikaw ay hindi kamag-anak o kasalukuyang lisensyado, may sertipiko, o aprobadong foster care na magulang, na kumuha ng resource family approval alinsunod sa Seksyon 1517 ng Health and Safety Code o Seksyon 16519.5 ng Welfare and Institutions Code upang makapag-alaga ng menor de edad na bata.
3. Kung humintong manirahan ang menor de edad ng kasama mo, ang testimonyo ay hindi na balido. Kinakaliangan mong ipagbigay alam sa paaralan, tagapagbigay ng medikal na pangangalaga, plano ng serbisyong medikal na pangangalaga kung saan ibinigay mo ang testimonyong ito na ang menor de edad na bata ay hndi mo na kasamang naninirahan, at bilang resulta, ang testimonyo ay hindi na balido.
4. Kung ikaw ay walang impormasyong hinihingi sa aytem 8 (linensya sa pagmamaneho sa California o ID, bigay-ng-gobyernong  konsular na kard), magbigay ng ibang anyo ng pagkakakilanlan katulad ng numero ng iyong social security o numero ng Medi-Cal.

**SA MGA OPISYAL NG PAARALAN:**

1. Nakasaad na ang Seksyon 48204 ng Education Code na ang testimonyong ito ang bumubuo ng sapat na basehan upang matukoy ang paninirahan ng menor de edad, ng walang iba pang pangangailangan ng pangangalaga o ibang pa utos ng kustodiya, maliban kung matukoy ng distrito ng paaralan mula sa aktwal na mga katotohanan na ang menor de edad ay hindi nakatira kasama ng tagapag-alaga.
2. Maaaring humingi ang distrito ng paaralan ng karagdagang makatwirang ebidensya na ang tagapag-alaga ay nakatira sa tirahang nakasaad sa aytem 4.
3. Ang papeles na ito ay hindi nangangailangan ng selyo ng korte at ng lagda ng kawani ng korte o ng hukom upang maging balido. At hindi kinakailangan ng notaryo.

**SA MGA TAGAPAGBIGAY NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN AT SA MGA PLANO NG SERBISYO NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN:**

1. Kapag may lagda ng kamag-anak, ay testimonyong ito ay nagkakaloob sa nasabing kamag-anak ng kaparehong karapatan na mag-awtorisa ng pangangalagang medikal at dental para sa menor de edad na batang nakapangalan sa aytem 1 sa pahina 1 bilang ibinigay sa tagapag-alaga sa ilalim ng Seksyon 2353 ng Probe Code. Ang pangangalagang medikal na i-nawtorisa ng tagapag-alaga ay maaring may kasamang pag-gamot ng paggamot ng kalusugang pangkaisipan at kalusugan, na napapasailalim ng mga limitasyon sa Sekyon 2356 ng Probate Code.
2. Ang tagapagbigay ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na kumikilos nang may mabuting pananam-palataya na umaasa sa isang nakumpletong *Caregiver's Authorization Affidavit* upang magbigay ng pangangalagang medikal o pangkaisipan, nang walang aktwal na kaalaman sa mga katotohanang salungat sa mga nakasaad sa testimonyo, hindi ito napapasailalim kriminal na pananagutan o sa pananagutang sibil sa sino mang tao, at hindi napapasailalim propesyonal na aksyong pandisiplina, dahil ang pag-asa ay ang mga naaangkop na bahagi ng papeles ay nakumpleto.  Ang papeles na ito ay hindi nangangailangan ng selyo ng korte at ng lagda ng kawani ng korte o ng hukom upang maging balido. At hindi kinakailangan ng notaryo.
3. Ang estimonyong ito ay hindi nagbibigay ng dependensiya para sa mga layunin ng saklaw ng pangangalagang pangkalusugan

# ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN SA EDUKASYON

## *Ang Iyong Anak ay may Karapatan sa Libreng Pampublikong Edukasyon*

- Lahat ng bata ay may karapatan sa libreng pampublikong edukasyon, ano man ang estado ng imigrasyon ng kanilang magulang / tagapag-alaga.
- Lahat ng bata sa California:
  - May karapatan sa libreng pampublikong edukasyon.
  - Kinakailangang naka-enrol sa paaralan kung sila ay 6 - 18 taong gulang.
  - May karapatang dumalo sa ligtas, matiwasay, at payapang mga paaralan.
  - May karapatang may karapatang mapunta sa isang kapaligirang pang-edukasyon sa paaralan na malaya mula sa deskriminasyon, panliligalig, pambu-bully, karahasan, at intimidasyon.
  - Magkaron ng pantay ng oportunidad sa ano mang programa o aktibidad na ibinibigay ng paaralan ng walang deskriminasyon

## *Impormasyong Kailangan para sa Pagpapalista sa Paaralan*

- Kailangang tanggapin ng mga paaralan ang iba't ibang dokumento mula sa magulang o tagapag-alaga ng mga mag-aaral upang ipakita ang katibayan ng edad ng bata, paninirahan at hindi kinakailangang itago ng mga paaralan ang ginamit na dokumento sa pagpapatunay ng edad ng bata.
- Ang impormasyon tungkol sa pagkamamamayan (citizenship)/estado ng imigrasyon ay hindi kailanman kailangan sa pagpapalista sa paaralan. Ang numero ng Social Security ay hindi kailanman kailangan para magpalista sa paaralan

## *Pagiging Kompidensyal ng Personal na Impormasyon*

- Pinapangalagaan ng batas ng pederal at ng estado ang mga tala ng impormasyon ng mag-aaral at ang kanilang personal na impormasyon. Ang mga batas na ito ay karaniwang nangangailangan na ang mga paaralan ay kumuha ng nakasulat na pahintulot sa mga magulang o mga tagapag-alaga bago maglabas ng impormasyon ng mag-aaral, maliban na lang kung ang impormasyon ay para sa layuning pang-edukasyon, ay pang-publiko na , o bilang sagot sa utos ng korte o subpoena.
- May ibang paaralan na nangangalap at nagbibigay ng pangunahing "pangdirektoryong impormasyon" ng mag-aaral. Kung gayon, kailangang magbigay ang distrito ng paaralan ng nakasulat na abiso sa mga magulang/tagapag-alaga ng polisiya sa impormasyon ng direktoryo, at magbigay ng opsyon na tumanggi sa paglalabas ng impormasyon ng iyong anak.

## *Mga Plano sa Kaligtasan ng Pamilya kung Sila ay Makulong o Madeport*

- Maari mong i-update ang impormasyon ng pang-emerhensiyang kontak ng iyong anak, kabilang ang sekondaryang mga kontak, upang matukoy ang isang nasa hustong gulang na tagapag-alaga na maaring mag-alaga  sa iyong anak kung ikaw ay madetine o naipa-deport.
- Maari mong kumpletuhin ang Caregiver's Authorization Affidavit o ang Petition for Appointment of Temporary Guardian of the Person and ibigay ang awtoridad na ito sa pinagkakatiwalaang taong nasa hustong gulang para gumawa ng pang edukasyon at medikal na desisyon para sa iyong anak.

## *Karapatang Maghain ng Reklamo*

- May karapang magsumbong  ng krimen sa pagkapoot o maghain ng reklamo sa distrito ng paaralan kung sya ay dineskrimina, ginulo, tinakot o binu-bully dahil sa kanyang aktwal o pinaniniwalaang nasyonalidad, etnisidad, o estado ng imigrasyon.

*Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan para sa pagtugon sa mga aktibidad ng pagpapatupad ng imigrasyon sa mga paaralan ng California, o para maghain ng reklamo, mangyaring makipag-ugnayan sa:*

Bureau of Children's Justice
California Attorney General's Office
P.O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550

Telepono:  (800) 925-52225
E-mail: BCJ@doj.ca.gov
https:// oag.ca.gov/bcj/complaint

# LISTAHAN PARA SA MGA IMIGRANTENG MAG-AARAL AT MGA PAMILYANG PUMAPASOK SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN

### *1. Hindi mo kailangang ibahagi ang mga sumusunod na impormasyon sa mga opisyal ng paaralan:*

- Hindi mo kailangang magbahagi ng impormasyon, kabilang na ang pasaporte o visa, tungkol sa estado ng imigrasyon ng mag-aaral, magulang, mga tagapag-alaga, o iba pang mga miyembro ng pamilya.
- Hindi mo kailangang magbigay ng numero (SSN) o kard ng Social Security.
- Pag kinumpleto ang papel ng "Free and Reduced-Price Meals" ibigay lamang ang huling apat na numero ng SSN ng taong nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan na lumagda sa aplikasyon.
- Kung natugunan ng pamilya ang kinakailangan sa pagiging karapat dapat at walang miyembro ng sam-bahayan ang may SSN, kuwalipikado pa din ang anak mo. Lagyan ng tsek ang kahon ng "No SSN Walang SSN)" sa mga papeles kung naaangkop, para siguruhin na kumpleto ang aplikasyon.
- Kung may miyembro sa sambahayan ng kalahok sa CalFresh, CalWORKs (California Work Opportunity and Responsibility for Kids) o FDPIR (Food Distribution Program on Indian Reservations), wala ng nasa hustong gulang na tao ang kailangang magbigay ng apat na huling numero ng kanyang SSN para maging kuwalipikado ang mag-aaral para sa libre o mas-mababang-presyo ng pagkain sa paaralan.
- Kapag nagbibigay ng impormasyon para sa patunay ng paninirahan o edad ng mag-aaral, hindi mo kailangang gumamit ng mga dokumentong maaaring magsiwalat ng may kaugnayan sa estado ng iyong imigrasyon.

### *2. Gumawa ng mga Hakbang Upang Proteksyunan ang Impormasyon ng Mag-aaral*

- Humingi ng nakasulat ng polisiya sa kapribaduhan ng paaralang tungkol sa impormasyon ng mag-aaral.
- Suriin ang polisiya ng paaralan para sa "directory information (impormasyon sa direktoryo)" - na nagpa-pahintulot sa pampublikong paglalabas ng pangunahing impormasyon ng mag-aaral - at ikonsidera kung tatanggi sa pagpapalabas ng impormasyon.

### *3. Gumawa ng mga Hakbang upang Paghandaan ang mga Sitwasyon kung saan ang Isa o Higit pa sa mga Magulang o Tagapag-alaga ay Nakadetine o Pina-deport.*

- Bumuo at itabi sa ligtas na lugar ng "Family Safety Plan (Plano sa Kaligtasan ng Pamilya)" (halimbawa: https://www.ilrc.org/sites/default/files/resources/family_preparedness_plan.pdf) kabilang ang mga ang mga sumusunod na impormasyon:
- Pangalan ng mapagkakatiwalang taong nasa hustong edad na mag-aalaga sa iyong anak kung walang maaring magulang o tagapag-alaga
- Numero ng teleponong pang-emerhensiya at instruksyon kung saan makikita ang mga importanteng mga dokumento (sertipiko ng kapanganakan, pasaporte, kard ng Social Security, impormasyon ng numero ng kontak ng doktor, atbp.)
- Siguruhin na laging may kasalukuyang impormasyong ng pang emerhensiyang kontak ang paaralan ng iyong anak, kabilang ang alternatibong mga kontak kung walang magulang o tagapag-alaga ang maari.

## MAPAGKUKUNAN

Ang mga sumusunod ay maaaring makuha ng mga pamilyang tumutugon sa mga detensyon at deportasyon.

- Angtagahanap ng detenido ng Immigration and Customs Enforcement (ICE): https://locator.ice.gov/odls/homePage.do. Mangyaring Tandaan: Ang site na ito ay para lamang sa mga indibidwal na nakaditene na, at hindi para sa pagsisiyasat ng pangkalahatang estado ng imigrasyon.
- Mga abogado sa imigrasyon sa pribadong pagsasanay, mga akreditadong kinatawan (na tumutulong sa mga proseso ng imigrasyon), o mga organisasyong legal-aid:
  - Paghanap sa State Bar of California Attorney: http://www.calbar.ca.gov/Attorneys
  - Mga organisasyong akredito ng Board of Immigration Appeals (BIA) upang kumatawansa mga imigrante sa harap ng Department of Homeland Security (DHS) at Executive Office of Immigration Review (EOIR): https://www.justice.gov.eoir/page/file/942306/download#CALIFORNIA.
  - California Courts Self-Help Centers: http://www.courts.ca.gov/selfhelp-selfhelpcenters.htm
  - Mga tanggapan ng Legal-aid at lawyer-referral na mga serbisyo: http://www.courts.ca.gov/getting-legal-help.
  - Ang konsulado o embahada ng bansang pinagmulan ng magulang o ng tagapag-alaga.

# Family Resource Center

Ang FRC ay nagsisilbi bilang sentro upang ikonekta ang mga magulang at mag taga-pag-aalaga sa mga serbisyo ng distrito at mga pinag-kakatiwalaang katuwang ng komunidad. Ang FRC ay nakapagtatag ng mga ugnayan sa mga lokal na mga serbisyong imigrasyon at legal, pati na rin sa mga ahensya ng suporta sa pamilya.

| **RUSD Family Resource Centers (FRC)**<br>***Pag-aaral. Kagalingan. Pakikilahok*** | **Lokasyon** |
|---|---|
| **RUSO Family Resource Center (FRC)**<br>Makipag-ugnayan sa amin para sa link sa:<br>• Access sa mahahalagang serbisyo ng suporta sa pamilya<br>• Mga Programa sa Tulong Legal<br>• Kalusugan at Kagalingan<br>• Tulong sa Pagpapayo at Krisis - **SAP Counselor nasa lokasyon**<br>• Suporta sa Pagiging Magulang<br>• Pangangalaga sa Bata<br>• Mababang-halaga ng Internet at Computer Access<br>• Mga referral sa mga lokal na nagapagbigay | **6735 Magnolia Avenue, Portable B6**<br>**Riverside, CA, 92506**<br>(951) 328-4003<br><br>Oras:<br>**Monday - Friday**<br>**7:30 am to 4:30 pm**<br>Ang pinahabang oras ng opisina ay sa pamamagitan ng pagtatalaga lamang. |
| **RUSO Family Resource Center at Community Settlement Association (CSA)**<br>Pinapadali ng CSA ang pag-access sa mga serbisyo ng FRC para sa mga pamilyang naninirahan sa Eastside. Ang pakikipag-partner ay nagbibigay daan at suporta sa mga sumusunod na lugar:<br>• Paghahanda ng mga legal na dokumento<br>• Mga Pangunahing Pangangailanga: Paminggalan ng Pagkain, Aparador ng Damit, Pamimigay ng lampin<br>• Mga aplikasyon sa Cal Fresh at MediCal<br>• Access sa Computer<br>• Mga programa pagkatapos ng eskwela | **4366 Bermuda Avenue**<br>**Riverside, CA 92507**<br>(951) 328-4003<br><br>Oras:<br>**Mondays: 8:00 am - 4:30 pm**<br>**Wednesdays: 8:00 am - 4:30 pm**<br>Ang pinahabang oras ng opisina ay sa pamamagitan ng pagtatalaga lamang.<br>**Hanapin si Melissa Santana, Liaison ng Bilingguwal na pamilya at Komunidad* |

# Karagdagang Mapagkukunan

## Alamin ang Iyong mga Karapatan: Anong gagawin kung madetine

IMMIGRANTJUSTICE.ORG/KNOWYOURRIGHTS

Ang mapagkukunang ito ay dinisenyo upang matulungan ang mga imigrante at ang kanilang mga pamilya na mas maunawaan ang nararapat gawin kapag mayroon naditene ng mga opisyal ng imigrasyon. Para sa mas higit na impormasyon tungkol sa mga karapatan ng imigrante, dumalaw sa **immigrantjustice.org/KnowYourRights.**

## Mga Mapagkukunan ng Lungsod at County

| Mga Mapagkukunan ng Lungsod at County | Website |
|---|---|
| **Lungsod ng Riverside - isang ligtas, Inklusibong Riverside para sa Lahat**<br>Ang webpage na ito ay nagbibigay ng mga kapaki-pakinabang na impormasyon, mga kagamitan sa pag-uulat, at mga mapagkukunan upang matulungan ang mga miyembro ng komunidad na manatiling may kaalaman, maunawaan ang kanilang mga karapatan, at ma-access ang mga serbisyo ng lungsod nang may kumpiyansa. | bit.ly/rivcityimmig |
| **County ng Riverside - Mga Mapagkukunan sa Imigrasyon**<br>Ang webpage ay nagbibigay sa mga miyembro ng komunidad ng impormasyon at ng mapagkukunan. | bit.ly/rivcoimmig |
| **Riverside County Department of Public Social Services (DPSS) Mga Mapagkukunan ng Refugee at Imigrante**<br>Ang DPSS ay nakikipagtulungan sa mga organisasyon ng komunidad upang sumuporta sa mga refugees at imigrante ng Riverside County. | bit.ly/dpssimmigration |

| Mga Lokal na Serbisyong Legal sa Imigrasyon | Lokasyon | Website |
|---|---|---|
| **Training Opportunity Development Education Center (TODEC)**<br>Libreng serbisyong legal para sa mga imigrante at mga miyembro ng komunidad, kabilang na din ang adbokasiya at pakikilahok ng komunidad. | **234 S. D Street**<br>**Perris, CA 92570**<br>(951) 943-1955 | todec.org |
| **San Bernardino Community Service Center**<br>Ang SBCSC ay nagbibigay ng libreng limitadong serbisyong legal sa mga kwalipikadong miyembro ng Inland Empire. | **788 N. Arrowhead Avenue**<br>**San Bernardino, CA**<br>92401<br>(909) 885-1992 | sbcscinc.org |
| **Catholic Charities Family & Community Services**<br>Impormasyon, konsultasyon, at edukasyon. Ang Catholic Charities ay isa ring Refugee Resettlement Agency na awtorisado ng pederal na Departamento ng Estado upang magbigay ng serbisyong susuporta sa mga refugees. | **3020 Madison Street**<br>**Riverside, CA 92504**<br>(909) 388-1240 | ccsbriv.org |
| **Coalition for Humane Immigrant Rights (CHIRLA)**<br>Serbisyong legal, edukasyon, adbokasiya, at | **330 North D Street, Suite424**<br>**San Bernardino, CA 92401**<br>(909) 475-0687 | linktr.ee/CHIRLAIE |
| **Central American Resource Center (CARECEN)**<br>Serbisyong legal, adbokasiya, at polisiya. | **468 W. 5th Street**<br>**Suite 204**<br>**San Bernardino, CA 92401**<br>(213) 385-7800 | carecen-la.org |
| **Inland Counties Legal Services**<br>Suportang imigrasyon sa mga taong nasa hustong gulang at menor de edad na nakaligtas sa karahasan sa U.S. | **Riverside Office**<br>**1040 Iowa Avenue**<br>**Suite 109**<br>**Riverside, CA 92507**<br>(888) 245-4257 | inlandlegal.org |

| Mga Lokal na Serbisyong Legal sa Imigrasyon | Lokasyon | Website |
|---|---|---|
| **Libreria del Pueblo - San Bernardino**<br>Mga serbisyo sa konsultasyong legal, edukasyon, at suporta sa pamilya. | **998 N D Street**<br>**San Bernardino, CA**<br>**92410**<br>(909) 888-1800 | libreriadelpueblo.org |
| **The Pomona Economic Opportunity Center (PEOC)**<br>Ang Departamento ng mga Karapatan ng Imigrante ay nagbibigay ng abot-kayang mga serbisyong legal, edukasyon, at adbokasiya sa mga arawang manggagawa, mga manggagawa sa bahay, at sa ibang mababa-ang -sahod na imigranteng manggagawa. | **Riverside Extension**<br>**3610 Central**<br>**Avenue**<br>**Suite 204**<br>**Riverside, CA 92506**<br>(909) 397-4215 | pomonadaylabor.org |
| **Asian American Advancing Justice Southern CA**<br>Serbisyong legal, edukasyon, adbokasiya, at pakikipag-ugnayan. | **2401 East Katella**<br>**Avenue**<br>**Suite 600**<br>**Anaheim, CA 92806**<br>(213) 977-7500 | ajsocal.org |
| **Immigrant Defenders Law Center (ImmDef)**<br>Ang ImmDef ay isang susunod-na-henerasyong kompanya ng batas para sa hustisyang panlipunan na nagtatanggol ng ating mga imigranteng komunidad laban sa hindi makatarungang sistema ng imigrasyon. | **634 S. Spring St. 10th**<br>Fl.<br>**Los Angeles,**<br>**CA 90014**<br>213-634-0999<br>**info@immdef.org**<br><br>*Offices in Riverside-By appointment only* | immdef.org |
| **U.S. Department of Justice-Executive Office for Immigration Review**<br>Listahan ng Pro Bono na mga nagbibigay ng Legal na Serbisyo sa loob ng CA. | justice.gov/eoir | |

| Mga Lokal na Serbisyong Legal sa Imigrasyon | Lokasyon | Website |
|---|---|---|
| **UC Immigrant Legal Services**<br>Ang UC Immigrant Legal Services ay nagbibigay lamang ng tulong sa imigrasyon sa mga naka-enrol sa mga mag-aaral ng UC at sa kanilang mga malapit pamilya (immediate families). | **UCR Undocumented Student Programs**<br>**900 University Avenue**<br>**Riverside, CA 92521**<br>(951) 827-2193 | usp.ucr.edu |



| **Mga Tanggapan ng Konsulado**<br>*Tulong Legal, mga Tala, Paghahanda ng mga Dokumento, Suportang Emerhensiya* | **Website** |
|---|---|
| **Hanapin ang iyong pinakamalapit ng Tanggapan ng Konsulado - Direktoryo** | bit.ly/4cKAYkp |
| **Konsulado ng Mexico, San Bernardino**<br>Dr. Salvador Percastre Mendizabal, Consul titular<br>293 N D St.<br>San Bernardino, CA 92401<br>(909) 889-9836 | consulmex.sre.gob.mx |
| **Konsulado ng Guatemala, San Bernardino**<br>Licda. Raquel Donado, Consul<br>San Bernardino, California<br>12roteccionconsularsb@minex.gob.gt<br>(909) 572-8800 | minex.gob.gt |
| **Konsulado ng El Salvador, San Bernardino**<br>Lie. Manuel Eugenio Flores Tobar<br>3505 Highland Ave.<br>Highland, CA 92346<br>(888) 301-1130 | consuladoselsalvador.com |

# Mapagkukunan ng Kagalingan

Kinikilala namin na ang kawalan ng katiyakan at nakababahalang mga sitwasyon ay maaaring mag-dulot ng matingding epekto sa emosyon ng mga mag-aaral at pamilya. Ang damdamin ng pag-aalala, kaba, o distraksyon ay ganap na nauunawaan sa mga panahon ng pagsubok. Ang kapakanan ng ating mga mag-aaral ay nananatiling pinakamataas ng prayoridad, at may makukuhang suporta. Makikita sa ibaba ang mga mapagkukunan at mga serbisyong idinisenyo upang tulungan ang mga mag-aaral at mga pamilya na malampasan ang mga pag-aalala at ma-access ang tulong kung kakailanganin.

| Mapagkukunan ng Kagalingan | Website |
|---|---|
| **RUSD Student Assistance Program (SAP)**<br>Ang mga mag-aaral ay maaring dumadanas ng emosyonal na pagkabalisa sanhi ng mga alalahanin sa imigrasyon, na nakakaapekto sa pakiramdam ng kaligtasan at kagalingan. Ang mga emosyong ito ay minsang humahantong sa pagtangging pumasok sa paaralan o iba pang pagbabago ng ugali. Ang mga tagapayo ng SAP ay mahalagang mapagkukunan at maaring gamitin upang suportahan ang kalusugang pangkaisipan at kagalingan ng lahat ng mga mag-aaral at ang kanilang pamilya. | riversideunified.org/sap |
| **Care Solace**<br>Ang Care Solace ay nagbibigay ng koordinasyon sa mga berepikadong tagapayo ng kalusugang pangkaisipan, kabilang na ang mga ahente ng tagapayo at pribadong klinika , nag-aalok ng opsyong in-person at telehealth. | bit.ly/RUSDCareSolace |
| **CA Youth Crisis Line**<br>Mag-text 24/7 upang makakuha ng libreng suporta sa mga nag-aral ng mga tagapayo. 800-843-5200 o sa chat online. | calyouth.org |

| Mapagkukunan ng Kagalingan | Website |
|---|---|
| **Reach Out**<br>Libreng Suporta sa Pangkaisipang Kalusugan para sa IE | we-reachout.org/jrvc/ |
| **Immigrants Rising**<br>Mapagkukunan ng kagalingan upang matulungan ang mga taong walang dokumento na manatiling matatag at umunlad anuman ang kanilang katayuan. | immigrantsrising.org |
| **If you need to talk, the 988 Lifeline is here**<br>Ang 988 Tulong sa Pagpapatiwakal at sa Krisis ay maaring tawagan kung ikaw ay nahaharap sa pakikipaglaban sa kalusugang pangkaisipan, o kaya ay kailangan lang ng makakausap. Hindi ka nag-iisa. | 9881ifeline.org |
| **Brightlife Kids**<br>Isinapersonal na suporta para sa mga pamilya ng California. Ang mga batang edad 0-12 ay makakakuha ng libre, ekspertong tagapagturo para sa suliranin sa pagtulog, alalahanin, kasanayang panlipunan, at higit pa. | brightlife.kids |
| **The Inland Empire Immigrant Youth Collective (IEIYC)**<br>Pag-aangat ng mga Tinig ng mga imigrante at mga kabatang walang dokumento | theieiyc.org |

Itinalaga ng Lupon ng Edukasyon ang kampus ng bawat distrito bilang isang ligtas na sona ng pag-aaral para sa lahat ng mga mag-aaral at ng kanilang mga pamilya, anuman ang kanilang kapansanan, kasarian, pagkakakilanlang pangkasarian, pagpapahayag ng kasarian, nasyonalidad, lahi o etnisidad, relihiyon, oryentasyong sekswal, o anumang iba pang protektadong katangian, kabilang ang katayuan sa imigrasyon.

**RUSD Board Policy 3515.19: District Campuses As Safe Learning Zones**



**riversideunified.org**